

**COMMONSPIRIT HEALTH
ADDENDUM SA POLISIYA NG PAMAMAHALA**

ADDENDUM PINANSYAL G-003A-3 PETA SA NG PAGKAKARON NG BISA: Pebrero 15, 2024

PAKSA: Tulong Pinansyal - Washington

KAUGNAY NA MGA POLISIYA

Polisiya ng Pamamahala ng CommonSpirit Pinansyal G-003, *Polisiya sa Tulong Pinansyal*

Polisiya ng Pamamahala ng CommonSpirit Pinansyal G-004, *Paniningil at Pangongolekta*

Ang addendum o karagdagan sa Washington (Addendum) ay pandagdag sa Polisiya ng Pamamahala ng CommonSpirit G-003, *Tulong Pinansyal* (Ang Polisiya sa Tulong Pinansyal), kung kinakailangan, ayon sa at bilang pagtalima sa mga batas at regulasyon ng Washington patungkol sa mga probisyon ng Hospital Charity Care, alinsunod sa "Pakikipag-ugnayan sa Iba pang Batas" na seksyon ng Polisiya sa Tulong Pinansyal.

Nailalapat ang Addendum na ito sa lahat ng Direktang Kaanib at Libre sa Buwis na Sangay ng CommonSpirit Health sa estado ng Washington, gaya ng nakasaad na kahulugan sa Polisiya sa Tulong Pinansyal. Kung ang anumang probisyon sa Addendum na ito ay salungat sa, o hindi kasuwato ng anumang probisyon sa Polisiya sa Tulong Pinansyal, ang Addendum na ito ang siyang mananaig.

Ang mga pagtukoy sa Polisiya sa Tulong Pinansyal sa mga Medikal na Kinakailangang Pangangalaga at Pangangalagang Medikal na Pang-emergency ay dapat unawain na kasuwato ng mga kahulugan ng "Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital" at "Pangangalagang Pang-emergency o Mga Serbisyong Pang-emergency" na nasa WAC 246-453-010(7) at (11). Gayunpaman, gagamitin ng addendum na ito ang mga terminong "Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital" at "Pangangalagang Pang-emergency o Mga Serbisyong Pang-emergency".

MGA KAHULUGAN

- A.** Ang "Kita ng Pamilya" ay nangangahulugang ang kabuuang natanggap na pera bago makaltasan ng buwis ang sahod at sweldo, mga pinansyal na ayuda mula sa pamahalaan, natatanggap na pera mula sa Social Security, mga benepisyo sa welga, mga benepisyo para sa mga walang trabaho o may kapansanan, suporta sa bata, sustento, at netong kita mula sa mga negosyo at aktibidad sa pamumuhunan ng isang indibidwal, alinsunod sa WAC 246-453-010 (17).
- B.** Ang "Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital" ay nangangahulugang ang mga serbisyo sa ospital na makatwirang tinantiya upang suriin, iwasto, gamutin, pagaanin, o pigilan ang paglala ng mga kondisyon na nagsasapanganib sa buhay, o magiging sanhi ng pagdurusa o sakit, o magreresulta ng karamdaman o pagkamasakitin, o nagbabantang maging sanhi o palalain ang kapansanan, o magiging sanhi ng pisikal na depormidad o hindi wastong paggana, at wala nang iba pang kasing epektibo na mas konserbatibo o makukuhang serye ng paggamot na mas malaki ang katipiran sa gastos o angkop sa tao

na humihingi ng serbisyo. Para sa layunin ng seksyong ito, maaaring kasama sa "serye ng paggamot" ang obserbasyon lang o, kung naaangkop, walang gamutan sa anumang paraan; WAC 246-453-010 (7).

- C. Ang "Pangangalagang Pang-emergency o mga Serbisyong Pang-emergency" ay ang ibinibigay na mga serbisyo para sa pangangalagang kaugnay ng emergency sa kondisyong medikal o mental; WAC 246-453-010(11).
- D. Ang "Panahon ng Kwalipikasyon sa pagiging Karapat-dapat" ay nangangahulugan na ang pasyenteng inaprubahan bilang karapat-dapat ay dapat gawaran ng Tulong Pinansyal para sa lahat ng karapat-dapat na tuos na nakuha para sa serbisyong natanggap dalawampu't apat (24) na buwan bago ang araw ng pagtukoy (idagdag pa ang labing-apat (14) na araw na panahon ng pagtukoy), at kalaunan para sa panahon na anim (6) na buwan matapos ang araw ng pagtukoy. Kung ang pagiging karapat-dapat ay nakabase sa pamantayan ng Pinapalagay Na Pagiging Karapat-dapat, ang Tulong Pinansyal ay magiging angkop din sa mga karapat-dapat na halagang buhat sa mga serbisyong natanggap, dalawampu't apat (24) na buwan mula sa petsa ng pagtukoy.

PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA TULONGPINANSYAL

- A. Walang pinakamababang halaga ng balanse ang hihilingin sa isang pasyente upang maging kuwalipikado para sa tulongpinansyal.
- B. Alinsunod sa mga tuntunin ng Polisiya sa Tulong Pinansyal, maliban kung karapat-dapat para sa Pinapalagay na Tulong Pinansyal, dapat matugunan ang ilang partikular na pamantayan sa pagiging karapat-dapat upang mahirang na kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pinansyal. Ang Addendum na ito ay nagpapabago sa nasabing pamantayan sa pagiging karapat-dapat ayon sa sumusunod:
 - Sinumang pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 300% porsyento ng FPL ay nararapat na makatanggap ng buong diskwento mula sa kanyang balanse para sa Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital at Pangangalagang Pang-Emergency o mga Serbisyong Pang-emergency na iginagawad sa pasyente pagkatapos magbayad, kung mayroon man, sa pamamagitan ng ikatlong partido na mga nagbabayad o isponsor.
 - Sinumang Pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa pagitan ng 301% hanggang 350% ng FPL ay nararapat na tumanggap ng diskwento sa pangangalaga ng hanggang 75%, na maaring ibawas mula sa kanyang balanse para sa Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital at Pangangalagang Pang-Emergency o mga Serbisyong Pang-emergency na iginagawad sa pasyente pagkatapos magbayad, kung mayroon man, sa pamamagitan ng ikatlong partido na mga nagbabayad o isponsor, at anumang halaga na makatwirang nauugnay sa ari-aria na kinokonsidera gaya ng nakasaad sa Polisiya ng Pasilidad ng Ospital sa Pagsusuri sa Ari-arian.
 - Sinumang pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa pagitan ng 351% hanggang 400% ng FPL ay nararapat na tumanggap ng diskwento sa pangangalaga ng hanggang 50% mula sa kanyang balanse para sa Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital at Pangangalagang Pang-Emergency o mga Serbisyong Pang-emergency na iginagawad sa pasyente pagkatapos magbayad, kung mayroon man, sa pamamagitan ng ikatlong partido na mga nagbabayad o isponsor, at anumang halaga na makatwirang nauugnay sa mga ari-arian na kinokonsidera

gaya ng nakasaad sa Polisiya ng Pasilidad ng Ospital sa Pagsusuri sa Ari-arian.

- Kung sakaling ang Pasilidad ng Ospital ay naggagawad ng diskwento sa pangangalaga na higit pa sa kinakailangan sa itaas (maaring sa pamamagitan ng halaga na kadalasang sinsingil (amount generally billed o "AGB"), sariling-pagbabayad o iba pang diskwento), tatanggapin ng pasyente ang mas malaking diskwento na iyon sa halaga ng pangangalaga.

C. May kinalaman sa mga ari-arian na maaring isaalang-alang, hahanapin lang ng Pasilidad ng Ospital ang naturang impormasyong nauugnay sa mga ari-arian kung ito ay makatwirang kailangan at makukuha agad upang matukoy ang kanilang pag-iral, kadaliang makuha o magamit agadpagiging available, at halaga ng mga nasabing ari-arian.

- Isasaalang-alang ng Pasilidad ng Ospital aang mga ari-arian at mangongolekta ng impormasyong may kinalaman sa nasabing ari-arian alinsunod sa kahilingan ng Centers for Medicare and Medicaid ("CMS") para sa pag-uulat ng mga gastos ng Medicare. Ang mga impormasyon ay maaring magsama ng pag-uulat ng mga ari-ariang maaaring maging pera at hindi na kakailanganin sa pang-araw araw na pamumuhay ng pasyente.
- Ang kaparehong kopya ng papel ng pagpatunay ay maaring hindi hingin at isang kasalukuyang salaysay ng account lang ang kailangan upang mapatotohanan ang mga pagmamay-aring salapi.
- Kung walang dokumentasyon para sa ari-arian ang magagamit, sapat na ang isang nakasulat at pirmedong pahayag mula sa pasyente o tagapanagot.
- Ang impormasyon ukol sa ari-arian ay hindi gagamitin sa mga aktibidad ng pangongolekta.
- Ang mga sumusunod na uri ng ari-arian ay hindi kasama sa isasaalang-alang:
 - Ang unang \$5,000 ng salaping pagmamay-ari para sa isang indibidwal o \$8,000 para sa salaping pagmamay-ari para sa pamilya ng dalawa, at karagdagang \$1,500 ng pagmamay-aring salapi para sa bawat madadagdag na miyembro ng pamilya. Ang halaga ng anumang ari-arian na mayroong multa para sa maagang paghiwalay ay siyang magiging halaga ng ari-arian matapos na mabayaran ang multa;
 - Anumang porsyento sa pangunahing tirahan;
 - Plano sa pagreretiro maliban pa sa planong 401(k);
 - Isang sasakyan at pangalawang sasakyan kung kinakailangan para sa layunin ng pagtatrabaho o gamutan;
 - Anumang nabayaran nang kontrata sa paglilibing o lupang paglilibingan; at
 - Anumang polisiya ng life insurance na may nakatatak na halaga na \$10,000 o mas mababa.

D. Ang "Mga Pamantayan sa Kooperayon ng Pasyente" gaya ng nakasaad na kahulugan sa Polisiya sa Tulong Pinansyal, ay mailalapat lang kung:

- pinapayagan nito ang Pasilidad ng Ospital na maghabol ng reimbursement mula sa anumang seguro ng ikatlong partido na maaring matukoy sa Pasilidad ng Ospital, alinsunod sa WAC 246-453-020(1);

- pinapayagan nito ang Pasilidad ng Ospital na gumawa ng makatwirang pagsisikap upang malaman ang pagkakaroon o hindi pagkakaroon ng tagapanagot mula sa ikatlong partido na maaring sumakop sa kabuuan o bahagi ng mga isisingil para sa serbisyong inilaan sa bawat pasyente, alinsunod sa WAC 246-453-020(4); at
 - Hindi ito nagpapataw ng pamamaraan ng aplikasyon para sa mga pag-isponsor ng pangangalagang pangkawanggawa na nagbibigay ng hindi makatwirang pasanin sa responsableng partido, na isinasaalang-alang ang mga kakulangan sa pisikal, mental, intelektuwal, opandamdang o mga balakid sa wika na makakasagabal sa kakayahan ng responsableng partido sa pagtupad sa mga pamamaraan ng aplikasyon, alinsunod sa WAC 246-453-020(5).
- E. Ang pagiging Karapat-dapat para sa Tulong sa Pinansyal , ay hindi dapat ibabatay sa paninirahan ng isang tao. Nangangailangan na ang isang tao ay isang residente ng Estado ng Washington. at ang serbisyong medical na hinahangad ay Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital, at hindi mga serbisyong may katangian ng pagsisiyasat, elektibo o eksperimento ang kalikasan. Kung ang isang tao ay hindi residente ng Estado ng Washington, ang taong iyon ay hindi karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal, kapag ang taong iyon ay pumunta sa Estado ng Washington para lamang sa layuning maghanap ng pangangalagang medikal. Ang mga nagsilikas, mga nasa asilo, at sinumang naghahanap ng asilo ay hindi kabilang sa kinakailangan na maging residente ng Estado ng Washington upang maging karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal. Hindi rin kabilang sa kahilingang maging residente ng Estado ng Washington ang mga pasyenteng nangangailangan ng Pangangalaga sa -Emerhensiya o mga Serbisyong Pang-Emerhensiya. Hindi ipagkakait ang Tulong Pinansyal batay sa katayuan ng imigrasyon. Maaaring magsagawa ng mga eksepsyon sa mga kahilingang maging residente at sakop ng mga serbisyo na nakalahad sa parapong ito sa pahintulot ng Punong Opisyal sa Pinansyal ng Pasilidad ng Ospital o ng kanilang itinalaga.

ANG PARAAN NG PAG-A-APPLY PARA SA TULONG PINANSYAL

- A. Para sa mga layunin ng pagkakaroon ng unang pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor, ang Pasilidad ng Ospital ay babatay sa impormasyong ibabahagi sa pamamagitan ng pananalita ng responsableng partido. Maaaring hingin ng Pasilidad ng Ospital sa responsableng partido na pumirma ng salaysay na magpapatunay sa katumpakan ng mga impormasyong ibinahagi sa Pasilidad ng Ospital para sa mga layunin ng unang pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor, alinsunod sa WAC 246-453-030(1). Alinsunod sa WAC 246-453-020(1), kung ipinapahiwatig sa unang pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor na ang responsableng partido ay maaaring pasok sa pamantayan para sa klasipikasyon bilang isang maralitanang tao, ang mga pagsisikap sa pangongolekta sa responsableng partido ay hahadlangan habang hinihintay ang panghuling pagpapasiya sa klasipikasyong iyon, basta't ang responsableng partido ay nakikipagtulungan sa mga makatwirang pagsisikap ng Pasilidad ng Ospital upang maabot ang panghuling pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor.
- B. Alinsunod sa WAC 246-453-030(2), bilang pandagdag sa mga dokumentong nakalista sa Polisiya sa Tulong Pinansyal, maituturing ang alinman sa isa sa mga sumusunod na dokumento bilang sapat na ebidensya na pagbabatayan ng panghuling pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor ng pangangalagang pangkawanggawa, kapag ang impormasyon ukol sa kita ay taunan kung naangkop:

- Ang mga form na nag-aapuba o hindi nag-aapruba sa pagiging karapat-dapat para sa Medicaid o medikal na tulong na pinopondohan ng estado;
 - Mga form na nag-aapruba o hindi nag-aapruba sa kabayaran para sa kawalan ng trabaho; o
 - Nakasulat na mga pahayag mula sa mga employer o ahensya ng kagalingan.
- C.** Kung mayroong pahiwatig na dahil sa mental, pisikal, o intelektuwal na kapasidad ng pasyente, o dahil sa balakid sa wika, ang pagkumpleto sa pamamaraan ng aplikasyon ay maglalagay ng hindi makatwirang pasanin sa pasyente, magsasagawa ang Pasilidad ng Ospital ng makatwirang hakbang para mapadali ang proseso ng aplikasyon, kasama ang pagkuha ng tagapagsalin upang matulungan ang pasyente sa proseso ng aplikasyon kung kinakailangan.
- D.** Dapat gawin ng mga Pasilidad ng Ospital ang lahat ng makatwirang pagsisikap upang maabot ang una at panghuling pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansyal sa mabilis na paraan. Gayunman, dapat gawin ng Pasilidad ng Ospital ang mga pagpapasiyang iyon anumang oras, kahit na pagkatapos ng Panahon ng Aplikasyon, sa oras na malaman ang mga katotohanan o matanggap ang mga dokumentong nakasaad dito, na nagpapahiwatig na ang responsableng partido ay may kita na katumbas o mas mababa sa tatlong daang porsyento (300%) ng mga patnubay sa pederal na kahirapan na isinaayos para sa laki ng pamilya. . Ang panahon sa pag-abot ng panghuling pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansyal ay hindi magkakaroon ng epekto sa pagtukoy ng kaltas sa pangangalagang pangkawanggawa mula sa mga buwis ng Pasilidad ng Ospital bilang naiiba sa di-mababayaranang pagkakautang. WAC 246-453-020(10).
- E.** Sinumang responsableng partido na siyang pangunahing natukoy na nakamit ang pamantayan para makatanggap ng tulong pinansyal ay dapat mabigyan ng hindi bababa sa labing-apat (14) na araw sa kalendaryo o naturang panahon na maaaring kailanganin sa kondisyong medikal ng tao, o naturang panahon na makatwirang kakailanganin upang masiguro at upang maipakita ang dokumentong nakasaad sa WAC 246-453-030 bago matanggap ang panghuling pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor.
- F.** Alinsunod sa WAC 246-453-030(4), sa pagkakataong ang responsableng partido ay hindi makakapagbigay ng anumang dokumento na nakasaad sa itaas, ang Pasilidad ng Ospital ay magbabatay sa nakasulat at pirmadong salaysay mula sa responsableng partido sa paggagawad ng panghuling pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat para sa klasipikasyon bilang maralitang tao.
- G.** Alinsunod sa WAC 245-453-030(5), ang mga kahilingan sa impormasyon mula sa Pasilidad ng Ospital sa responsableng partido para mapatotohanan ang kita at laki ng pamilya ay dapat na limitado lamang sa kung ano ang makatwirang kinakailangan at nakahandang magagamit upang mapatunayan ang kwalipikasyon ng responsableng partido para sa pag-isponsor ng kawanggawa, at hindi ito maaring magamit upang magpahina ng loob sa pagpasa ng aplikasyon para sa pag-isponsor. Tanging ang mga katototohanang may kinalaman sa pagiging karapat-dapat ang maaring patotohanan, at ang mga kopyang form ng pagpapatotoo ay hindi dapat hingin.
- H.** Dapat abisuhan ng Pasilidad ng Ospital ang mga taong nag-a-apply para sa tulong pinansyal tungkol sa kanilang panghuling pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor sa

loob ng labing-apat (14) na araw sa kalendaryopagkatanggap ng impormasyon alinsunod sa WAC 246-453-020(7); ang naturang abiso ay dapat na naglalaman ng pagpapasiya sa halaga kung saan ang responsableng partido ay may pananagutang pinansyal.

- I. Kung sakaling hindi aprubahan ng Pasilidad ng Ospital ang aplikasyon ng responsableng partido para sa tulong pinansyal, dapat abisuhan ng Pasilidad ng Ospital ang responsableng partido ukol sa hindi pag-apruba sa loob ng labing-apat (14) na araw at magbigay ng batayan sa nasabing hindi pag-apruba.
- J. Kung sakaling ang responsableng partido ay nagbayad ng bahagi o ng kabuuan ng lahat ng singil na may kinalaman sa Angkop na mga Serbisyong Medikal sa Ospital at Pangangalagang Pang-Emergency o mga Serbisyong Pang-emergency, at sa kalaunan ay napag-alaman na nakamit ang pamantayan sa tulong pinansyal sa panahon kung kailan ibinigay ang mga serbisyo, anumang sobra sa halaga ng ibinayad na natukoy na naaangkop ay dapat na isauli sa pasyente sa loob ng tatlong (30) araw ng matapos ang pagkamit ng itinalagang pangangalagang pangkawanggawa. WAC 246-453-020(11).
- K. Alinsunod sa WAC 246-453-020(6), hindi dapat humingi ang Pasilidad ng Ospital ng paunang hulog mula sa responsableng partido na ang mga kita ay katumbas o mas mababa sa tatlong daang porsyento (300%) ng patnubay sa pederal na kahirapan na isinaayos para sa laki ng pamilya, na nakasaad sa unang pagpapasiya sa katayuan ng pag-isponsor.
- L. Para sa serbisyong naigawad sa mga pasyente noon o pagkatapos ng Hulyo 1, 2022, ang sumusunod na pamamaraan ay ilalapat para sa pagkilala sa mga pasyente at/o kanilang tagapanagot na maaaring karapat-dapat para sa seguro ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa para sa tulong medikal ng Washington o Washington Health Benefit Exchange:
 - Bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon sa pagtukoy sa pagiging karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal at pangangalagang pangkawanggawa, tatanungin ng Pasilidad ng Ospital kung ang pasyente o tagapanagot ay nakamtan ang pamantayan para sa seguro ng pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng mga programa para sa tulong medikal sa ilalim ng kabanata 74.09 RCW o Washington Health Benefit Exchange.
 - Bilang bahagi ng proseso ng Tulong Pinansyal, makikipagtulungan din ang kawani ng Pasilidad ng Ospital sa mga pasyente/pamilya na walang nababagay na seguro ng ikatlong partido upang masuri kung karapat-dapat para sa Medicaid o seguro ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Health Benefit Exchange (RCW 43.71) ng Washington. Ang mga kawani ay magbibigay ng tulong sa mga aplikasyon sa Medicaid at Qualified Health Plan na kinabibilangan pero hindi nalilimitahan sa pagbibigay sa pasyente/pamilya ng impormasyon patungkol sa proseso ng aplikasyon, pagtulong sa pasyente sa buong proseso ng aplikasyon, pagbibigay ng mga importanteng form na kailangang makumpleto, at/o pag-uugnay sa pasyente/pamilya sa iba pang ahensya o mapagkukunan na maaaring makatulong sa pasyente/pamilya sa pagkumpleto ng nasabing aplikasyon.
 - Sa pagbibigay ng tulong sa proseso ng aplikasyon, isasaalang-alang ng Pasilidad ng Ospital ang anumang kakulangan sa pisikal, mental, intelektuwal, pandamdang o mga balakid sa wika na maaaring pumigil sa pasyente o sa

kanilang tagapanagot na makasunod sa proseso ng aplikasyon at hindi makakapag-utos ng mga proseso sa pasyente o tagapanagot na magsisilbing hindi makatarungang pasanin.

- Kung ang pasyente o tagapanagot ay hindi nakagawa ng makatwirang pagsisikap para makipag-ugnayan sa Pasilidad na Ospital sa pag-a-apply ng seguro sa ilalim ng kabanata 74.09 RCW o ang Washington Health Benefit Exchange, ang Pasilidad ng Ospital ay hindi obligadong magbigay ng pangangalagang pangkawanggawa sa nasabing pasyente.
- Hindi dapat hingin ng Pasilidad ng Ospital sa pasyente na mag-apply sa anumang pampubliko o pribadong programa kung saan ang pasyente ay hindi karapat-dapat ayon sa kategorya o itinuturing na hindi karapat-dapat sa nakalipas na 12 buwan.

PINAPALAGAY NA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Kung sakaling ang pagkilala sa responsableng partido bilang maralitang tao ay malinaw sa tauhan ng Pasilidad ng Ospital, at ang tauhan ng Pasilidad ng Ospital ay kayang tukuyin ang posisyon ng lebel ng kita sa loob ng malawak na pamantayan na nakasaad sa RCW 70.170.060, batay sa katayuan sa buhay ng indibidwal na nakasaad sa Polisy sa Tulong Pinansyal o kaya naman, ang Pasilidad ng Ospital ay hindi obligado na tukuyin ang eksaktong lebel ng kita o humiling ng dokumento mula sa responsableng partido, maliban na lamang kung ang responsableng partido ay humiling ng karagdagang pagsusuri.

MGA APELA

- A.** Ang lahat ng responsableng partido na hindi nabigyan ng tulong pinansyal ay mabibigyan, at makakatanggap ng notipikasyon, ng proseso ng apela upang magkaroon sila ng pagkakataon na itama ang anumang pagkukulang sa dokumentasyon o kahilingan sa pagsusuri sa hindi pag-apruba at magresulta ng pagsusuri sa pagpapasiya ng punong opisyal sa pinansyal ng Pasilidad ng Ospital.
- B.** Ang mga responsableng partido ay kailangang mabigyan ng notipikasyon na mayroon silang tatlong (30) araw sa kalendaryo kung saan pwede nilang hilingin ang pag-apela sa panghuling pagpapasiya kanilang pagiging karapat-dapat sa tulong pinansyal. Sa loob ng unang labing-apat (14) na araw ng panahon na ito, hindi dapat banggitin ng Pasilidad ng Ospital ang pinag-uusapang account sa panlabas na mangongolektang ahensya. Kung nagpasimula ang Pasilidad ng Ospital ng mga aktibidad sa pagkolekta at natuklasan na may naisampung apela, ititigil nito ang mga pagsisikap sa pagkolekta hanggang maisapinal ang apela. Pagkatapos ng panahon ng labing-apat (14) na araw, kung walang isinampung apela, maaari nang simulan ng ospital ang mga aktibidad ukol sa pangongolekta.
- C.** Kung pagtitibayin ng panghuling pagpapasiya ang naunang hindi pag-apruba sa Tulong Pinansyal, magpapadala ang Pasilidad ng Ospital ng nakasulat na notipikasyon sa responsableng partido at sa Kagawaran ng Kalusugan na alinsunod sa batas ng estado.

Ang lahat ng iba pang terminong nakatakda sa Polisiya ng Pamamahala ng CommonSpirit sa

